

## Aralin 4

### PAANO MO MATUTUGUNAN ANG PINAKAMAHIGPIT MONG PANGANGAILANGAN

Sa Araling Ito'y Pag-aaralan Mo

- ✧ Ano Ang Pinakamahigpit Mong Pangangailangan?
- ✧ Paano Tinutugunan Ni Jesus Ang Pinakamahigpit Mong Pangangailangan?
- ✧ Si Jesus Ba Ay Iyong Tagapagligtas?
- ✧ Ano Ang Iba Mong Pangangailangan?

Unang Bahagi

### ANO ANG PINAKAMAHIGPIT MONG PANGANGAILANGAN?

#### Ito Ba'y Para sa Iyong Katawan o Kaluluwa?

Ang taong nawawala sa isang disyerto o kagubatan, o nasa isang balsa at napadpad sa gitna ng karagatan, ay kailangang matagpuan at ilitgas. Ang taong nagugutom ay nangangailangan ng pagkain; patawad sa nahatulang bilanggo. Kailangang gamutin ang taong nalason.

Bagama't mahalaga ang pangangailangang ito, may pangangailangan kang lalong mahigpit kaysa rito. Mamamatay balang araw ang iyong katawan, nguni't ang kaluluwa mo'y patuloy na mabubuhay, sa walang hanggang kaligayahan o sa pagdurusang walang katapusan. Kaya, higit na mahalaga ang buhay at kalusugan ng iyong kaluluwa kaysa pinakamahigpit na pangangailangan ng iyong katawan.



Mateo 10:28 "Huwag kayong mangatakot sa mga nagsisipatay ng katawan, datapuwa't hindi nangakakapatay sa kaluluwa: kundi bagkus ang katakutan ninyo'y yaong makapupuksa sa kaluluwa at sa katawan sa impiyerno."



## Ang Pinakamahigpit Mong Pangangailangan ay ang Tagapagligtas

Itinuturo sa atin ng Banal na Kasulatan na nawawala ang kaluluwa ng tao, nagugutom, may malubhang karamdaman, at nahatulang mamatay. Kailangan ng tao ang isang Tagapagligtas upang humanap, magpakain, magpagaling, at magpatawad sa kanya. Ang pinakamahigpit mong pangangailangan ay isang Tagapagligtas pagka't hindi mo maililigtas ang iyong sarili.

- ❖ Hindi makapagliligtas sa iyo ang pagkakaroon mo ng mga magulang na Cristiano.
- ❖ Hindi makapagliligtas sa iyo ang pagiging kaanib sa iglesya.
- ❖ Hindi makapagliligtas sa iyo ang pagpapakabuti.
- ❖ Hindi ka maliligtas kung wala kang Tagapagligtas.

### Gawin Mo Ito

✝ Alin ang higit na mahalaga, ang katawan o ang kaluluwa? \_\_\_\_\_

- ✝ Ako (ang pangalan mo) \_\_\_\_\_, ay may maraming pangangailangan, nguni't ang pinakamahigpit kong pangangailangan ay ang isang \_\_\_\_\_ pagka't hindi ko \_\_\_\_\_ ang aking sarili mula sa kasalanan at kamatayan.

✝ Kung tinanggap mo na si Jesu-Cristo bilang iyong Tagapagligtas, napakahalaga pa rin ng araling ito sa iyo. Sinasabi rito kung paano ka matutulungan ng Panginoon bawa't araw.

### Ikalawang Bahagi

## PAANO TINUTUGUNAN NI JESUS ANG PINAKAMAHIGPIT MONG PANGANGAILANGAN?

### Si Jesus ang Tagapagligtas na Sinugo ng Dios Para sa Iyo

Sinugo ng Dios ang Kanyang Anak upang hanapin, pakainin, at pagalingin ang kaluluwa mong may sakit

at nagutom at nawala dahil sa kasalanan. Siya'y naging tao upang magawa Niyang mamatay sa lugar mo at mapatawad ka. Ang pangalan Niya'y Jesus, na ang ibig sabihin ay Tagapagligtas. Siya ang tanging makapagliligtas sa iyo.

### Isaulo Mo Ito



*Mga Gawa 4:12 "Sa kanino mang iba ay walang kaligtasan: sapagka't walang ibang pangalan sa silong ng langit, na ibinigay sa mga tao, na sukat nating ikaligtas."*



### Ipinapakita sa Iyo ni Jesus ang Katotohanan at ang Daan

Binulag ni Satanas ang ating isip sa pamamagitan ng paghahasik ng kamalian at pag-aalinlangan. Lumayo tayo sa Dios at tayo'y naligaw. Sinikap ng diyablo na pag-alinlanganin tayo sa Salita, kapangyarihan, karunungan, kabutihan, at pag-ibig ng Dios. May mga taong nag-aalinlangan na may Dios.



*2 Corinto 4:4 "Binulag ng dios ng sanlibutang ito ang mga pag-iisip ng mga hindi nagsisisampalataya."*



Dinadaya ni Satanas ang maraming tao sa pamamagitan ng mga huwad na relihiyon. May mga taong nananalangin sa mga espiritu o mga rebulto.



*Roma 1:23 "At pinalitan nila ang kaluwalhatian ng Dios na hindi nasisira, ng isang katulad ng larawan ng tao na nasisira, at ng mga ibon, at ng mga hayop na may apat na paa, at ng mga nagsisigapang."*



Nagsisinungaling si Satanas sa atin tungkol sabagay na mabuti para sa atin at kung alin ang matuwid o liko. Tinatahak natin ang maling landas sa paghahanap ng kaligayahan nguni't kamatayan ang ating nasumpungan.

Si Jesus ay di-gaya ni Satanas. Naparito Siya upang hanapin tayo at akaying pabalik sa Dios, sa kaligayahan, at sa buhay na walang-hanggan. Sa Kanya at sa Kanyang turo ay malalaman mo ang katotohanan at mapapawi ang iyong alinlangan at kamalian.

### Isaulo Mo Ito



*Juan 14:6 "Sinabi sa kanya ni Jesus, Ako ang daan, at ang katotohanan, at ang buhay: sinuman ay di makaparoroon sa Ama, kundi sa pamamagitaan Ko."*



*Lucas 19:10 "Sapagka't ang Anak ng Tao ay naparito upang hanapin at iligtas ang nawala."*

*Juan 8:12 "Ako ang ilaw ng sanlibutan. Ang sumusunod sa Akin ay... magkakaroon ng ilaw ng kabuhayan."*



*Juan 8:32 "Inyong makikilala ang katotohanan, at ang katotohana'y magpapalaya sa inyo."*

Sa sinumang lalapit sa Dios at mataos na magnanasang malaman ang katotohanan at mahahandang sumunod dito, hindi magkakait ang Dios. Basahin mo ang Banal na Kasulatan at manalanging mataimtim; ipasiya mong gawin ang nais ng Dios.



*Juan 7:17 "Kung ang sinumang tao ay nag-iibig gumawa ng kanyang kalooban, ay makikilala niya ang turo."*



*Roma 12:2 "Mag-iba kayo sa pamamagitan ng pagbabago ng inyong pag-iisip, upang mapatunayan ninyo kung alin ang mabuti at kaayaaya at lubos na kalooban ng Dios."*

## Gawin Mo Ito

Sagutin ng salitang *Satanas* o *Jesus*:

- ✘ Sino ang bumubulag sa sa atin tungkol sa kung alin ang mabuti? \_\_\_\_\_
- ✘ Sino ang nagpapakita sa atin tungkol sa Dios? \_\_\_\_\_
- ✘ Sino ang nagpapalaya sa atin mula sa kamalian at pag-aalinlangan? \_\_\_\_\_
- ✘ Sino ang naghahasik sa atin ng pag-aalinlangan sa Salita ng Dios? \_\_\_\_\_
- ✘ Sino ang nag-aakay sa mga tao na maniwala sa mga bulaang relihiyon? \_\_\_\_\_

## Dalangin

*Salamat po, O Dios, na ipinadala Mo si Jesus na Iyong Anak upang ituro sa akin ang katotohanan. Ipakita Mo sa akin ang katotohanan at tulungan Mong masundan ko ito, anuman ang mangyari.*

## Pinagagaling ni Jesus ang Makamandag na Kasalanan sa Iyong Puso

Iyo nang natutuhan na ang kasalanan ay pagsuway sa mga utos ng Dios. Kaya't ang pinakamalaking kasalanan ay ang pagsuway sa pinakamahalagang utos ng Dios, di ba? Sinabi sa atin ni Jesus kung alin ito.



*Mateo 22:37-39 "Ibigin mo ang Panginoon mong Dios nang buong puso mo, at nang buong kaluluwa mo, at nang buong pag-iisip mo."*



*Ito ang dakila at pangunang utos. At ang pangalawang katulad ay ito, ibigin mo ang iyong kapuwa na gaya ng iyong sarili.*

Sinuway nating lahat ang dalawang pinakamahalagang utos ng Dios. Ang pagkamakasarihan, na ugat ng lahat ng kasalanan, ay pumuno sa ating puso at pumatay sa pag-ibig. Ginantihan natin ng pagwawalang-bahala at kawalan ng utang na loob ang pag-ibig ng Dios. Higit nating iniisip ang sariling

kapakanan kaysa Dios at ating kapuwa. Talagang makasalanang tayo! At sa makasarili nating puso nagmumula ang pagkikipag-alit natin, ang tao laban sa kapuwa tao, at pati mga bansa. Nakatira tayo sa sanlibutang may sakit na kasalanan.



2 Timoteo 3:2-4 "Sapagka't ang mga tao'y magiging maibigin sa kanilang sarili, maibigin sa salapi, mayayabang, mga mapagmalaki, mapagtungyaw, masuwayin sa mga magulang, mga walang turing, mga walang kabanalan, walang katutubong pag-ibig, mga walang paglulubag, mga palabintangin, mga walang pagpipigil sa sarili, mga mababangis, hindi mga maibigin sa mabuti, mga lilo, mga matitigas ang ulo, mga palalo, mga maibigin sa kalayawan kaysa mga maibigin sa Dios."



Dumating si Jesus upang pagalingin ang iyong kaluluwa sa makamandag na kasalanan ng pagkamasarili at puspusin ng pag-ibig ng Dios ang iyong puso.



1 Juan 1:9 "Kung ipinahahayag natin ang ating mga kasalanan, ay tapat at banal Siya na tayo'y patatawarin sa ating mga kasalanan, at tayo'y lilinisin sa lahat ng kalikuan."



1 Juan 1:7 "Nguni't kung tao'y nagsisilakad sa liwanag... ay may pakikisama tayo sa isa't isa, at nililinis tayo ng dugo ni Jesus na Kanyang Anak sa lahat ng kasalanan."



Roma 5:5 "Ang pag-ibig ng Dios ay nabubuhos sa ating mga puso sa pamamagitan ng Espiritu Santo."





## Gawin Mo Ito

- ✿ Sinuway mo ba ang dalawang pinakadakilang utos ng Dios? \_\_\_\_\_
- ✿ Basahin ang 2 Timoteo 3:2-4 at guhitan ang kasalananang binabanggit doon na nagawa mo kahit minsan sa iyong buhay.
- ✿ Hilingin sa Dios na puspusin ng pag-ibig ang iyong puso.


## Sinisira ni Jesus ang Kapangyarihan ng Kasalanan at ni Satanas

Pinanghina ng kasalanan ang kalooban natin kaya't hindi natin magawa yaong alam nating dapat gawin.

 Juan 8:34 "Ang bawa't nagkakasala ay alipin ng kasalanan."


 Roma 7:14, 15, 18 "Ako'y... sa ilalim ng kasalanan... ang hindi ko ibig, ang ginagawa ko; datapuwa't ang kinapopootan ko, yaon ang ginagawa ko..."



 Sapagka't ang pagnanasa ay nasa akin, datapuwa't ang paggawa ng mabuti ay wala."

Sinisira ni Jesus ang tanikala ng kasalanan at pinalalaya tayo mula sa masasamang kaugalian. Pinalalaya Niya tayo mula sa pagkamagagalitin, pagsusugal, pagmumura, imoralidad, at pagkasugapa sa tabako, alak, at opiyo, Sinisira Niya ang kapangyarihan ng masasamang espiritu at ni Satanas.

## Isaulo Mo Ito

 Juan 8:36 "Kung palayain nga kayo ng Anak kayo'y magiging tunay na laya."



## Kinuha ni Jesus ang Iyong Lugar -- Upang Magkamit-patawad Ka

Hinihingi ng katarungan ng Dios na parusahan ng kamatayan ang kasalanan. Mahal na mahal ka Niya kaya't pinabayaan Niyang mamatay ang Kanyang Anak sa lugar mo. Nang mamatay si Jesus, parang

ikaw na rin ang namatay. At sapagka't nabuhay Siyang muli at umakyat sa Langit, ikaw man ay magkakagayon.



1 Pedro 2:24 "Siya rin ang nagdala ng ating mga kasalanan sa Kanyang katawan sa ibabaw ng kahoy, upang pagkamatay natin sa kasalanan, ay mangabuhay tayo sa katuwiran."



Galacia 2:19, 20 "Ako sa pamamagitan ng kautusan ay namatay, upang ako'y mabuhay sa Dios. Ako'y napako sa krus na kasama ni Cristo: at hindi na ako ang nabubuhay, kundi si Cristo ang nabubuhay sa akin: at ang buhay na ikinabubuhay ko ngayon sa laman ay ikinabubuhay ko sa pananampalataya, ang pananampalataya na ito'y sa Anak ng Dios, na sa akin ay umibig, at ibinigay ang Kanyang sarili dahil sa akin."



Kapag tinanggap mo si Jesus bilang iyong Tagapagligtas, tinatanggap mo ang Kanyang kamatayan bilang iyong kamatayan, at ang Kanyang buhay bilang iyong buhay. Sa sandali ring iyon, ikaw ay nagiging anak ng Dios. Kasalanan ang naghiwalay sa iyo mula sa Dios, nguni't sa pamamagitan ni Jesus, ikaw ay may kapatawaran, bagong buhay, at pakikipagkaisa sa Dios, na parang hindi ka nagkasala kailanman.

### Gawin Mo Ito

- ✦ Basahin mo pa nang dalawang ulit ang pahina 24.
- ✦ Kung may mga pag-uugali kang nais mong maalis, sabihin ito kay Jesus sa taimtim na panalangin at hilingin sa Kanyang ikaw ay palayain.



## Ikatlong Bahagi

### SI JESUS BA AY IYONG TAGAPAGLIGTAS?

#### Ikaw ang Dapat Magpasiya

Si Jesus ay nahahandang maging iyong Tagapagligtas, nguni't hindi ka Niya pipiliting tumanggap sa Kanya.

#### Ngayon ang Panahon ng Pagtanggap sa Kanya

Kung hindi mo pa tinatanggap si Jesus na iyong Tagapagligtas, gawin mo ngayon. Ngayon ang pinakamabuting panahon.

Baka maging huli na ang pagpapaliban mo. Bukod dito, hindi ba't nais mong malasap sa bawa't araw ang kahanga-hangang bagong buhay na kasama Niya? Tumutuktok Siya sa pinto ng iyong puso ngayon; papasukin mo na Siya.



*Apocalipsis 3:20 "Narito, Ako'y nakatayo sa pintuan at tumutuktok."*



*Hebreo 3:15 "Ngayon, kung marinig ninyo ang Kanyang tinig, huwag ninyong pagmatigasin ang inyong mga puso."*



*2 Corinto 6:2 "Narito, ngayon ang panahong ukol; narito, ngayon ang araw ng kaligtasan."*

### Gawin Mo Ito

Naririyang sa tabi mo si Jesus at naririnig Niya ang iyong dalangin. Sa sariling pananalita, pasalamat mo Siya sa Kanyang pagkamatay para sa iyong kasalanan at hilinging Siya'y maging iyong Tagapagligtas. Kung nagawa mo na ito, pasalamat mo ang Panginoon dahil sa iba't ibang paraan ng pagtugon Niya sa iyong mga pangangailangan.

## Ikaapat na Bahagi

### ANO ANG IBA MONG PANGANGAILANGAN?

#### Kinakalinga Ka ng Iyong Ama



Mateo 6:31-33 "Kaya huwag kayong mangabalisa, na mangagsasabi, Ano ang aming kakanin? O, ang aming daramtin? Talastas ng inyong Ama sa kalangitan na kinakailangan ninyo ang lahat ng mga bagay na ito. Datapuwa't hanapin muna ninyo ang Kanyang kaharian, at ang Kanyang katuwiran; at ang lahat ng mga bagay na ito ay pawang idaragdag sa inyo."



#### Kausapin ang Dios Bawa't Araw Tungkol sa Iyong Mga Pangangailangan



Filipos 4:6 "Huwag kayong mangabalisa sa anumang bagay; kundi sa lahat ng mga bagay sa pamamagitan ng panalangin at daing na may pagpapasalamat ay ipakilala ninyo ang inyong mga kahilingan sa Dios."

#### Si Jesus ang Magpapagaling sa Iyo

Nagpapagaling pa rin Siya ng mga sakit bilang tugon sa panalangin.



Gawa 10:38 "Si Jesus... naglilibot... nagpapagaling."

Hebreo 13:8 "Si Jesu-Cristo ay Siya ring kahapon, at ngayon, oo, at magpakailanman."



#### Gawin Mo Ito

Pasalamatan mo ang Dios na kumakalinga sa iyo at hingin ang Kanyang tulong sa anumang suliraning taglay mo ngayon.